



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-07 NG MARSO, 2022 SA BARANGAY BENLI COVERED COURT, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

MGA DUMALO:

Kgg. Ramon G. Magbanua	Regular na Tagapangulo
Kgg. Dexter R. Gonzales	Sangguniang Bayan Member
Kgg. Dennes M. Faner	Sangguniang Bayan Member
Kgg. Edezer F. Acheron	Sangguniang Bayan Member
Kgg. German S. Acosta	Sangguniang Bayan Member
Kgg. Kieven E. Cantos	Sangguniang Bayan Member
Kgg. Jess V. Sapungan	Sangguniang Bayan Member
Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr.	Sangguniang Bayan Member
Kgg. Edwin C. Acheron	Sangguniang Bayan Member
Kgg. Enrico C. Villas	Pangulo, Liga ng mga Barangay
Kgg. Tulay M. Caring	IP's Mandatory Representative

HINDI NAKADALO:

Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos SK Federation President

X-----X

KAPASYAHAN BLG. 22-03-224

KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG AGRIKULTURA NA PAGKALOOBAN NG TRAKTORA, VILLAGE TYPE RICE MILL AT VILLAGE TYPE CORN SHELLER ANG SANGGUNIANG BARANGAY BENLI, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GAGAMITIN NG MGA MAGSASAKANG MANGYAN SA MGA KABUNDUKAN NG NABANGGIT NA BARANGAY

May-Panukala at Isponsor:

Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES

Isponsor:

Sangguniang Bayan Member GERMAN S. ACOSTA

"SAPAGKAT, Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 na kilala bilang Local Government Code of 1991 ay naglalahad na dapat gamitin ng bawat yunit ng lokal na pamahalaan ang mga kapangyarihang hayagang ipinagkaloob, yaong kinakailangang ipinahiwatig mula rito, bilang mga kapangyarihang kinakailangan, angkop, o nagkataon para sa mahusay at epektibong pamamahala nito, at yaong mga mahalaga sa pagtataguyod ng pangkalahatang kapakanan, sa loob ng kani-kanilang hurisdiksyon ng teritoryo;

"SAPAGKAT, ang Bulalacao ay isang 3rd class na munisipalidad na matatagpuan sa pinakatimog na dulong bahagi ng Oriental Mindoro na may populasyon na 44,366 batay sa 2020 census, 25 porsiyento nito ay mga katutubo na tinatawag na Hanunuo Mangyan, mayroon itong pamahalaang munisipal na naglalayong magtatag ng isang mahusay na lokal na organisasyon na tumutugon sa mga pangangailangan ng lokalidad at epektibong pinamamahalaan ang mga mapagkukunan nito upang mapanatili ang paglago at pag-unlad;

"SAPAGKAT, ang Barangay Benli ay matatagpuan sa pinakamataas na bahagi ng kabundukan ng Bulalacao kung saan ang halos kabuuan ng populasyon nito ay mga Hanunuo Mangyan, ang Sangguniang Barangay nito ay naglalayong matugunan ang mga pangangailangang-agrikultural ng mga magsasaka nito;

"SAPAGKAT, ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay sumusuporta sa masidhing hangarin ng Sangguniang Barangay ng Benli na mabigyan ng mga kagamitan ang mga magsasakang Mangyan upang sa kanilang mas madali at mas progresibong pagsasaka, ito ay nagnanais na makahingi ng suporta mula sa Kagawaran ng Agrikultura para sa pagsasakatuparan ng mga kagamitan na ito; Kung kaya't dahil dito...

PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:
Humiling sa Kagawaran ng Agrikultura na pagkalooban ng traktora, village type rice mill at village type corn sheller ang Sangguniang Barangay Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro na gagamitin ng mga magsasakang Mangyan sa mga kabundukan ng nabanggit na barangay.


SA MUNGKAHI nina Konsehal German S. Acosta at Konsehal Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina Konsehal Elpidio N. Contreras, Jr. at Konsehal Dennes M. Faner ang kapasyahang ito ay...


PINAGTIBAY: Marso 7, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.


X-----x



KGG. DEXTER R. GONZALES
Sangguniang Bayan Member



KGG. DENNES M. FANER
Sangguniang Bayan Member



KGG. EDEZER F. ACERON
Sangguniang Bayan Member



KGG. GERMAN S. ACOSTA
Sangguniang Bayan Member



KGG. KIEVEN E. CANTOS
Sangguniang Bayan Member


KGG. JESS V. SAPUNGAN
Sangguniang Bayan Member


KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
Sangguniang Bayan Member


KGG. EDWIN C. ACERON
Sangguniang Bayan Member



KGG. ENRICO C. VILLAS
Pangulo, Liga ng mga Barangay


KGG. TULAY M. CARING
IPM-Representative


NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:


PERLITA L. PAZ
Kalihim ng Sanggunian

SINAKSIHAN:


KGG. RAMON G. MAGBANUA
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

PINAGTIBAY:


KGG. ERNILO C. VILLAS,
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: April 07, 2022